

Ano ang

PTA

?



Kasagutan sa mga katanungan ng mga magulang.

Isa sa mga Gawain ng Fujimino International Cultural Exchange Center ay ang konsultasyon patungkol sa buhay. Kamakailan lamang ang mga katanungan patungkol sa buhay eskwela ng mga bata ay dumami. Ngayon, kami ay magbibigay ng panahon upang sagutin ang katanungan ng mga magulang.

● Ano ang PTA?

Ang PTA ay ang Parent Teacher Association ng bawat paaralan. Ito ay samahan ng mga guro, magulang o mga tagapag-alaga ng mga bata. Ang salitang ito, "PTA" ay ginagamit sa Amerika, Canada, Britanya at Hapon. Ito ay samahan na ang hangad ay mapabuti ang relasyon ng paaralan at ng mga mag-aaral..

● Obligasyon ba ng mga magulang at tagapag-alaga ang sumali sa PTA?

HINDI po obligasyon ang sumali sa PTA. Ang pagsali at paglisan ay libre o walang bayad. May ibang paaralan na walang ganitong samahan.

● Ano ang nararapat gawin ng isang opisyal na nais ng huminto sa PTA?

Ang termino ng isang opisyal ay isang taon. Sa dahilang ang opisyal ng PTA ay hinirang ng mga miyembro, ang opisyal ay maaaring umalis sa pamamagitan ng isang negosasyon.

● Paano kumuha ng detalye ukol sa Gawain ng PTA?

Ang PTA ay nagbibigay ng "newsletter" upang maiparating ang mga ginagawa nito sa mga magulang. Sa pamamagitan nito ay malalaman ninyo ang mga gawain sa paaralan na maaring kasali ang inyong mga anak. Kaya nararapat lamang na ito ay inyong basahin. May iba pang mga mahalagang gawain ang maaaring mabasa dito.

● Anu-ano ang mga gawain ng PTA?

Depende sa paaralan, Maraming mga Gawain bawat paaralan. Halimbawa, Ang PTAang namamahala ng mga gawaing palakasan sa paaralan, koleksyon, magulang-anak sa pangangalaga ng kapaligiran, pagtuturo ng pagbibisikleta, "first aid class", silid aklatan, pangkalusugang "training".

● Paano nabubuo ang asosasyon?

Ang pagsali at paglisan ay libre. Halimbawa sa primarya: Ang PTA ay binubuo ng chairman, bise-chairman, grade committee chairman (mula sa Gradong 1 hangang 6), special committee meeting (Library section, child-rearing section, meeting of grade committee chairman, child-rearing party etc), meeting of head branch officers, account, account inspection.

● Magkano ba ang bayad sa PTA?

Ang karamihan sa koleksyon sa PTA ay ginagamit sa pamamahala ng samahan. Ang halaga ay depende sa paaralan ngunit ang karamihan ay ¥100.00 bawat buwan.

● Tuwing kailan ang pulong ng PTA?

Ang pagtalaga ng pulong ay depende sa inyong asosasyon. Ang mga pagpupulong ay kinabibilangan ng "regular meeting, periodic meeting ng chairman, general meeting, meeting for events". Subalit kung may mga mahahalagang pag-uusapan ang "special committee meeting" ay maaring manadalas.

● Napag-alaman naming na kokonti lamang ang may nais na maging opisyal ng PTA Ito ba ay isang libreng gawain?

Opo, Ito ay isang gawaing walang bayad. Sila ay gumagawa ng malalaking bagay para sa ikakabuti ng ating mga anak.



住まいサポート店ステッカー

Alam ba ninyo ang sistema ng “Saitama Prefecture Multicultural Real Estate Agent”?

Ito ay pinamamahalaan ng, Saitama Prefecture Department of Policy and Planning, International Division. Ang kanilang rehistradong shop ay nagbibigay ng libreng konsultasyon sa mga banyaga. Sila ay tumutulong sa paglipat sa bahay paupahan. Sa kanilang mga shops ay makikita ninyo ang sticker ng “Multicultural Real Estate Agent”. Sa mga banyagang hindi marunong mag salitang hapon sila ay nagiintepret sa telepono sa walong wika (English, Chinese, Spanish, Portuguese, Korean, Tagalog, Vietnamese at Thai). Sa Saitama, Meron mahigit 200 daang kaso ang natugunan. Mahigit sa kalahati nito ay nakipagkontrata. Kung kayo ay may mga katanungan, buksan ninyo ang talaan ng registered shops sa Homepage ng Saitama Prefecture, International Division.

<http://www.pref.saitama.lg.jp/A02/BQ00/sumaisupport.htm>



Living Reuse

Nabasa na ba ninyo ang “newsletter” ng Fujimi City, Fujimino City at bayan ng Miyoshi? Dito ay laging nakasaad ang “classified section for reuse”. Kung merong mga bagay na nais ninyong makuha o mabili maari ninyong kontakin ang Public Information Division ng inyong lokalidad. Ang Fujimino International Cultural Exchange Center ay maari ring tumulong. Gawing kapakipakinabang ang mga bagay at gamitin ang ating pera ng may pagtitipid.

Tayo ay Tumakbo at Mag ehersisyo!

Ang 38th New Year Joumon Marathon


- ☆ Kailan : 14/1/2008 (Public holiday) gaganapin kahit maulan.
- ☆ Lugar: Midukokaiduka Park
- ☆ General Event 5・10, Batang babae 5, Junior high school lalaki/babae, Primary school lalaki/babae, 2, pares ng magulang at anak 1, Joumon 5 events Magulang-anak, anak/mga anak Grade 4 pababa primary school)・kilometer unit
- ☆ Mag-apply sa Fujimi city gymnastic association secretariat at City gymnastics. Ang bawat application form ay may karampatang bayad.
- ☆ Presyo Matanda ¥700, Junior high school pababa ¥300, Joumon 5 events ay ¥100 para sa pares ng magulang at anak (karagdagang ¥100 kung sa mismong araw ng paligsahan.)

Ipatatid sa inyong mga kaibigan.

Talaan ng Japanese Classes

Ipatatid ninyo sa inyong mga kaibigan at kakilala ang mga sumusunod na Talaan ng Nihongo classes*

1. Fujimino International Cultural Exchange Center Japanese Language / 049-256-4290)
2. Kamifukuoka Japanese Language Class (Kamifukuoka West Community Center /049-266-9501)
3. Ooi Japanese Language Class (Ooi Central Community Center / 049-261-0648)
4. Fujimi Japanese Language Center (Tsuruse West Communication Center / 049-254-0715)
5. Miyoshi Japanese Language Class (Fujikubo Community Center/049-258-0690/ Chikumazawa Community Center/049-259-8311)



Bagong batas para sa mga bagay na nawala ipapatupad sa ika-10 ng Disyembre.

1. Sa kasalukuyan ang mga bagay na nawawala any maaaring makuha ng may-ari sa police station sa loob ng anim na buwan. Sa kasalukuyan ito ay binago mula 6 hanggang 3 buwan na lamang.
 2. Sa karagdagang kaalaman patungkol sa mga bagay na nawawala ito ay makikita sa internet.
 3. Ang mga pag-aaring may personal na impormasyon (hal. Mobilephone) hindi ito pwedeng ibigay sa ibang tao.
- Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang “Police Department Homepage”
[<http://www.npa.go.jp/>]

www.ficec.jp/living/

● Living Guidance isinalin sa 6 na wika.